ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIX Blg. 10
Mayo 21, 2018
www.philippinerevolution.info

## Kaswalti ng AFP at PNP, umabot ng 48

HINDI BABABA SA 48 ang patay at sugatan sa mga armadong pwersa ng rehimeng US-Duterte sa matatagumpay na aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan nitong nagdaang ilang linggo sa iba't ibang prubinsya sa buong kapuluan.

**Negros Occidental.** Hindi bababa sa lima ang patay at sampu ang sugatan sa panig ng 62nd IB nang ambusin ang isang kolum nito ng Bagong Hukbong Bayan-Central Negros (Mt. Cansermon Command o MCC) noong Mayo 12 bandang alas-5 ng umaga sa Sityo Bonsad, Barangay Tan-awan, Kabankalan City, Negros Occidental. Nasamsam ng MCC ang isang ripleng M203.

Ang naambus na 62nd IB ay bahagi ng tuluy-tuloy at malawakang operasyong militar ng 303rd Brigade sa mga barangay na saklaw ng mga lunsod ng Himamaylan, Binalbagan at Kabankalan sa Negros Occidental, at sa mga bayan ng Tayasan at Ayungon sa Negros Oriental. Layunin ng mga operasyong ito na supilin ang paglaban ng mamamayan sa pagtatayo ng dam sa ilalim ng Ilog-Hilabangan River Basin Project (IHRBP) na magpapalayas sa mga magsasakang nakatira sa panabihan ng Hilabangan River. Pinipinsala din ng naturang proyekto at ng pagku-*quarry* sa Hilabangan River ang kapaligiran. *(Basahin ang kaugnay na artikulo sa pahina 6.)*

*...sundan sa pahina 3*




**EDITORYAL**

# Wakasan ang batas militar! Ibagsak ang rehimeng US-Duterte!

Idineklara ni Rodrigo Duterte ang batas militar sa buong Mindanao upang ilunsad ang gera ng pagwasak sa Marawi, paigtingin at palawakin ang Oplan Kapayapaan at ipataw ang tiraniko at teroristang paghahari sa buong bansa.

Sa ngalan ng "pagsugpo sa terorismo," binomba ni Duterte ang Marawi na walang pakundangan sa buhay, ari-arian at kabuhayan ng mga Meranaw at iba pang naninirahan doon. Daan-daang libo ang lumikas, mahigit 1,200 ang namatay at mahigit 800 ang hindi na makita. Isa ito sa pinakamalaking krimen ni Duterte laban sa mamamayan sa ilalim ng batas militar. Ngunit hindi lamang ito ang kanyang krimen.

Gamit ang kapangyarihan ng militar, laksa-laksa pa ang pasistang krimen ni Duterte at ng kanyang mga armadong utusan sa Armed Forces of the Philippines (AFP) laban sa sambayanang Pilipino. Araw-araw, sa pagtupad ng batas militar at ng Oplan Kapayapaan, daan-daang mga barangay, laluna sa mga liblib na lugar sa Mindanao, ang sinasakop ng AFP, minamanmanan, hinihigpitan at pinahihirapan; niyayanig ng pambobomba at panganganyon ng AFP at pinagbabantaang matulad sa Marawi.

Ang batas militar sa Mindanao ay isang gera laban sa masang anakpawis, armadong pagsupil sa

di armadong mamamayan. Daan-daan ang tinutugis at sinasampahan ng mga gawa-gawang kaso. Kada tatlong araw ay may biktima ng pamamaslang ng AFP o ng mga armadong galamay nito. Araw-araw ang pananakot, pagbabanta at pambubugbog ng mga pasistang tropa ng AFP.

Ang pagpataw ng batas militar sa Mindanao ay isa sa susing sangkap ng disenyong-US na mapanupil na gerang Oplan Kapayapaan sa buong bansa. Sentral ang papel ng US sa pagsuhay sa batas militar. Sa Marawi ay lantarang nanghimasok ang mga upisyal, tagapayo at tauhan ng militar ng US sa pagpapalipad ng mga *drone* at paghuhulog ng mga bomba.

Hawak ang suporta ng US, ginagamit ng AFP ang walang hanggang kapangyarihan nito sa Mindanao para ibwelo ang digmang laban sa mamamayan sa buong bansa. Sa pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao, nais ng rehimeng Duterte na maging "karaniwan" ang paggamit ng reaksyunaryong estado sa terorismo at ipatanggap ang pagkatampalasan nito.

Ang mga taktika ng batas militar ngayon ang ginagamit ni Duterte sa buong bansa. Milyun-milyon ang nabubuhay ngayon sa ilalim ng paghaharing militar sa buong kapuluan. Dahil sa batas militar sa Mindanao, lalong malakas ang loob ng upisyal at tauhan ng AFP na abusuhin ang kanilang kapangyarihan, lapastanganin ang mga karapatang-tao at supilin ang demokratikong mga pakikibakang masa.

Ginagamit ni Duterte na tuntungan ang batas militar sa Mindanao para sindakin ang sambayanang Pilipino at ipakitang walang makahahadlang sa kanyang kapangyarihan. Isa sa susing sangkap ito sa kanyang tiraniko at teroristang paghahari sa buong bansa.

Kamakailan, pinatalsik ni Duterte ang punong mahistrado ng Korte Suprema na idineklara niyang kaaway. Ginamit ni Duterte ang isang kwestyunableng hakbanging ligal (*quo warranto* sa halip na *impeachment*), bagaman ang totoong nasa likod niyon ay ang kanyang tiranikong kapangyarihan. Ito rin ang ginagamit niya ngayon para lubos na kontrolin ang Senado nang hindi ito maging hadlang sa di pa niya isinasaisantabing iskema para baguhin ang konstitusyon at palawigin ang kanyang kapangyarihan sa anyo ng transisyon tungo sa bagong pederal ng gubyerno.

Dapat pag-ibayuhin ng sambayanang Pilipino ang kanilang pakikibaka para wakasan ang batas militar sa Mindanao, wakasan ang Oplan Kapayapaan at wakasan ang paghahari ni Duterte.

Dapat puspusang isulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka bilang pangunahing sandata ng paglaban sa pasistang paghahari. Dahil sa walang habas na armadong pagsupil ni Duterte, lalong nagiging malinaw ang pangangailangang magsandata upang magtanggol laban sa pasismo at isulong ang rebolusyonaryong layunin ng bayan.

Habang ipinatutupad ni Duterte ang kanyang mga hakbanging tiraniko at terorista, lalong dumarami ang kanyang nasasagasaan at napipinsala. Lalong nagngangalit ang bayan. Lalong lumalakas ang paglaban ng mga batayang sektor sa pasismo ni Duterte at ng AFP kaakibat ng pagsulong nila ng kanilang demokratikong mga kahilingan. Lalong lumalawak ang hanay ng mga organisasyon, partido, institusyon at mga personalidad na nananawagan na siya'y patalsikin na sa poder.

Dapat ibayong palawakin sa buong bansa at patatagin ang nagkakaisang prente laban kay Duterte. Nakasalalay ito pangunahin sa lawak at lakas ng pagkilos ng batayang mga demokratikong sektor. Gayo'y dapat nitong ibigay ang todong pagsuporta sa anti-pasistang pakikibaka ng masang anakpawis upang isigaw ang katarungan sa lahat ng pasistang krimen ng AFP, ilantad at labanan ang mga paglapastangan sa karapatang-tao at suhayan ang kanilang malawakang pagbabangon laban sa terorismo at tiraniya ni Duterte. AB


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 10 | Mayo 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/cppinformationbureau

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Wakasan ang batas militar!
Ibagsak ang rehimeng US-Duterte! 1
48, kaswalti ng AFP-PNP 1
Atake ng batas militar sa karapatan 4
Rali laban sa batas militar 5
Militarisasyon sa Bohol 5
Kontra-mamamayang dam sa Negros 6
Kawalang-aksyon sa panghihimasok 6
Dumaraming krimen ng rehimen 7
Welga laban sa "endo" 8
Kampanyang #WeDissent 8
Masaker ng Israel sa mga Palestino 9
Ang Gaza Strip 10
Panghihimasok ng US sa Venezuela 11
Ulos 2018, bukas na sa mga ambag 11



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"AFP-PNP...," mula sa pahina 1*

Nagpugay ang BHB-MCC kay "Ka Bebe," ang Pulang mandirigmang namartir sa ambus.

Sa La Castellana, Negros Occidental, pinarusahan ng BHB-Central Negros Guerrilla Front (Leonardo Panaligan Command o LPC) si Roland Manalo Gonzales sa Barangay Puso noong Mayo 11. Isa si Gonzales sa apat na armadong lalaki na pumatay sa lider-magsasaka na si Jerry Turga noong Abril 28 sa Moises Padilla. Batay sa imbestigasyon ng BHB-LPC, matapos ang pagpaslang kay Turga, dumiretso si Gonzales at kanyang mga kasamahan, sakay ng dalawang motorsiklo, sa Hacienda San Benito na pagmamay-ari ni Mayor Magsie Peña ng bayan ng Moises Padilla. Ayon pa sa BHB-LPC, si Gonzales ay isa sa mga armadong tauhan ni Peña at ginagamit din ng 303rd Brigade sa saywar laban sa BHB at pagpatay sa mga aktibista.

**Sorsogon.** Hindi bababa sa apat ang sugatan sa panig ng 31st IB at 508th PNP Public Safety Company sa isinagawang operasyong haras ng BHB-Sorsogon (Celso Minguez Command o CMC) sa Barangay San Francisco, Bulan noong Mayo 10, bandang alas-8:30 ng gabi. Mula nang dumating ang mga sundalo at pulis nang umagang iyon ay inokupa na ng mga ito ang *barangay hall* at *day care center* ng San Francisco.

**Zamboanga del Norte.** Tinamaan ng *command-detonated* na eksplosibo na pinasabog ng BHB-Zamboanga del Norte ang isang siksbay sakay ang 14 tropa ng 42nd IB noong Mayo 18, bandang alas-10 ng umaga sa Sityo Gumutoc, Barangay Poblacion, Kalawit. Ayon sa ulat ng BHB-Zamboanga del Norte, ganap na nawasak ang trak at hindi na nakapagpaputok ang mga sundalong sakay nito. Sa panimulang mga ulat, nalipol ang lahat ng sakay ng naturang trak.

Ang tinarget na kaaway ay bahagi ng komboy ng dalawang trak na magreresponde sa isinagawang reyd ng mga Pulang mandirigma sa isang *asset* sa paniktik ng 42nd IB sa karatig na Barangay Palalian.

Bago nito, noong Mayo 4, alas-5:10 ng umaga, inatake ng isang yunit ng BHB-Zamboanga del Norte ang gwardyahan ng Dacon sa Sityo Tulaksaw, Barangay Sas, Gutalac. Ang Dacon ay isang kumpanyang agri-bisnes na pagmamay-ari ng mang-aagaw ng lupa na pamilyang Consunji (notoryus din sa pang-aagaw ng lupain ng mga Lumad sa South Cotabato at Sultan Kudarat). Okupado ng Dacon ang malalawak na lupaing pang-agrikultura sa mga bayan ng Titay, Gutalac, Baliguian, Siraway at Tungawan.

Nasamsam ng mga Pulang mandirigma ang mga bala at iba pang gamit militar.

**Misamis Occidental.** Naglunsad ang isang yunit ng BHB ng operasyong haras gamit ang kumbinasyong riple at *command-detonated* na eksplosibo laban sa nag-ooperasyong kolum ng 10th IB sa Barangay Roxas, Aloran, Misamis Occidental noong Mayo 18, alas-10 ng umaga. Apat na sundalo ang napatay at pito ang sugatan matapos ang sampung minutong labanan.

**Agusan del Norte.** Anim ang kaswalti sa Caraga PNP sa magkasunod na pag-atake ng BHB sa Butuan City noong Mayo 15. Unang hinaras ng BHB ang mga nag-ooperasyong pulis sa Sityo Lamusig, Barangay Tungao. Isang elemento ng PNP ang sugatan. Sinundan ito ng atake sa istasyon ng PNP sa Barangay San Mateo kung saan limang pulis ang namatay.

**Agusan del Sur.** Inatake ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Sinakungan, Esperanza noong Mayo 14 bandang alas-3 ng madaling araw. Sa labanang ito, namartir ang dalawang kasama na sina "Ka Bagani" at "Ka Marjon."

**Bukidnon.** Apat na Scout Ranger ang patay sa magkakasunod na kontra-atake ng BHB-Bukidnon noong Mayo 7-10. Ang yunit na nakasagupa ng mga Pulang mandirigma ay ibinaba ng helikopter sa hangganan ng mga bayan ng Cabanglasan at San Fernando.

Sa Kitaotao, hindi bababa sa walong elemento ng 3rd IB ang kaswalti mula sa aktibong depensa na isinagawa ng 1st Pulang Bagani Company noong Mayo 10, ala-1:30 ng hapon sa Barangay Kipilas. Sa dalawang oras na labanan, naghulog ng bomba ang AFP mula sa himpapawid at gumamit ng mga kanyon.

Sa panig ng BHB, malubha ang tinamong sugat ni Zaldy Cañete (Ka Jinggoy) sa ulo at katawan. Matapos ang 24 oras na panggagamot ng mga medik ng BHB, dinala si Cañete sa ospital sa Don Carlos, at sumailalim sa 11-oras na operasyon sa ulo.

Noong Mayo 12, dumating ang mga sundalo at operatiba sa paniktik ng PNP at AFP at inaresto si Cañete na noo'y nasa kritikal pang kundisyon sa *intensive care unit* ng ospital. Pinagbawalan din ang mga kapamilya ni Cañete at mga *paralegal* na dumalaw sa kanya.

Iginiit ng PKP na dapat ibigay ng AFP ang makataong pagturing kay Cañete at agad siyang palayain tulad ng makataong pagturing ng BHB at maagap na pagpapalaya sa mga bihag-ng-digma nito.

Ang agarang pagpapalaya kay Cañete ay obligasyon ng rehimeng Duterte sa ilalim ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law na nagsasaad na ang sinumang nawalan ng kalayaan sa mga dahilang kaugnay ng armadong labanan ay maaari nang ligtas na palayain sa batayang makatao o iba pang batayan. AB

Sa unang taon ng batas militar

# Matinding pang-aatake at pang-aabusong militar

Sa ilalim ng nagpapatuloy na batas militar sa Mindanao, malawak at matindi ang panggigipit at pagsupil ng AFP sa mga kalayaang sibil at demokratikong karapatan ng mamamayan.

Sa inisyal na tala ng *Ang Bayan*, umaabot sa 59 ang mga insidente ng pambobomba, 18 istraping, 81 pagbabakwit ng 583,041 indibidwal mula sa 144 komunidad, 488 iligal na pag-aresto at arbitraryong detensyon, at 708 kaso ng pagbabanta, panggigipit at intimidasyon. Sa ulat naman ng Barug Katungod, umabot sa 131 ang biktima ng pamamaslang at 404 ang sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal.

**Pagwasak sa Marawi**

Sa ngalan ng "gera kontra-terorismo," brutal na kinubkob ang Marawi City at dinurog ito ng pambobombang idinirehe-ng-US at walang patumanggang panganganyon. Dahil dito, namatay ang mahigit 1,200 katao habang 800 iba pa ang nawawala at pinangangambahang nasawi. Nagbakwit ang 523,734 residente ng Marawi at mga karatig bayan. Nawasak ang bilyun-bilyong pisong halaga ng pag-aari at imprastruktura.

Sa tabing ng engrandeng rehabilitasyon, mayorya sa mga nagbakwit, kabilang ang mahigit 8,000 kataong nasa mga sentrong ebakwasyon, ang pinipigilang makabalik sa kanilang mga tahanan hanggang sa kasalukuyan. Kahit pa inianunsyo na mismo ng Malacañang noong Oktubre 23 na "malaya na" ang syudad sa diumano'y bantang terorismo ng grupong Maute, muli nitong pinalawig ang batas militar hanggang sa huling araw ng 2018.

Mahigit pitong buwan matapos wasakin ang Marawi, hindi pa rin nakababangon ang mga residente ng syudad. Liban sa tatlong araw na "bisita" kamakailan sa kanilang winasak na mga tirahan, dalawang taon pa bago sila pahihintulutang makabalik sa kanilang mga lugar. Okupado at kontrolado pa rin ng AFP at ng militar ng US ang buong syudad. Para kay Duterte, ang "pagbangon ng Marawi" ay ang pagtatayo ng kampong militar ng AFP at US sa malaking bahagi ng syudad at pagtatatag ng bilyun-bilyong dolyar na mga negosyo ng malalaking kapitalistang dayuhan sa turismo, plantasyon, imprastruktura at iba pa.

**Pagpaslang at bigong pagpaslang**

Sa kasalukuyan, umaabot na sa 188 ang mga silbilyang biktima ng pamamaslang sa Mindanao sa ilalim ng rehimeng Duterte. Kabilang dito ang 131 (70%) pinaslang sa panahon ng batas militar. Tatlumpu't pito sa kanila ay mga Lumad.

Pinakahuli rito si Ariel Maquiran, 33, manggagawa ng plantasyon ng saging, na binaril noong Mayo 17 habang pauwi sa kanyang bahay sa Barangay Maduaw, Panabo City, Davao del Norte. Bago nito, inakusahan siya ng militar na sangkot sa mga atake ng BHB sa Lapanday noong 2017. Si Maquiran ay aktibong myembro ng Bayan Muna.

Tampok din sa mga kaso ang pagmasaker ng 33rd IB at 27th IB sa Lake Sebu, South Cotabato noong Disyembre 3, 2017. Kabilang sa mga namatay sina Datu Victor Danyan Sr., Victor Danyan Jr., Artemio Danyan, Pato Celardo, To Diamante, Bobot Lagase at Mateng Bantal.

Kabilang din sa mga biktima ng pamamaslang sina Obillo Bay-ao at Jhun Mark Acto, mga estudyante na kapwa pinagbintangan ng militar na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Si Obillo, 19-taong gulang na estudyanteng Lumad ay binaril at napatay ni Ben Salangani na isang CAFGU sa Sityo Dulyan, Barangay Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte noong Setyembre 5. Si Jhun Mark Acto, 15-anyos na estudyante ay binaril at napatay din ng nag-ooperasyong mga elemento ng 39th IB at 2nd Scout Ranger Battalion sa Astorga, Santa Cruz, Davao del Sur noong Abril 21.

May naitala ring 247 na kaso ng nabigong pamamaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte. Kabilang dito ang bigong pagpatay sa 78 Lumad (53 sa mga ito ay mga boluntir na guro sa mga alternatibong paaralan). Matingkad na kaso rin ang siyam na araw na pagtortyur kina Janry Mensis, 22, at "Jerry", 16, at tangkang pagsunog sa kanila noong Disyembre 6, 2017 sa Maco, Compostela Valley ng mga elemento ng 71st IB.

**Pambobomba, istraping at pagpapabakwit**

Hindi bababa sa 59 ang insidente ng pambobomba at 18 istraping sa ilalim ng batas militar. Labas sa Marawi, naganap ang pinakamaraming pambobomba (19 insidente) sa mga komunidad sa Southern Mindanao Region (SMR), kasunod sa Socsksargen (13 insidente). Pinakamarami naman ang kaso ng istraping (13 insidente) sa Northern Mindanao Region (NMR). Nagresulta ang walang puknat na mga operasyong militar at ang mga aksyong militar na ito sa pagbakwit ng hindi bababa sa 43,480 indibidwal sa mga sibilyang komunidad sa SMR, 8,862 sa NMR at 6,835 sa Soccsksargen sa loob lamang ng isang taon.

Kabilang dito ang kamakailang pambobomba ng 27th IB sa tatlong sityo ng Barangay Kematu, T'boli, South Cotabato noong Mayo 8 na nagdulot ng *trauma* sa mga residente at nagtulak para magbakwit ang mahigit 650 indibidwal. Kabilang din ang walang-habas na panganganyon ng 28th IB sa mataong populasyon ng Barangay San Isidro at Likop sa karatig na syudad ng Mati noong

Abril 26 na nagresulta sa pagkawasak ng ilang kabahayan at taniman at pwersahang paglikas ng mahigit 600 residente.

**Iligal na pag-aresto at arbitraryong detensyon**

Umaabot na sa 488 ang naging biktima ng iligal na pag-aresto at arbitraryong detensyon sa ilalim ng batas militar. Pinakamarami ang iligal na inaresto at idinetine sa SMR (362 biktima) kung saan inaresto noong Mayo 25 ng Task Force Davao ang 260 sibilyan sa Davao City dahil lamang hindi sila makapagpakita ng sapat na dokumentong magpapatunay ng kanilang pagkakakilanlan.

Sinundan ito ng NMR kung saan 76 naman ang inaresto. Kabilang sa mga biktima sa rehiyon sina "Lisa", 16, at mag-asawang Jason at Giselle Cahangan, 22 at 19, na iligal na inaresto ng 8th IB sa loob ng kanilang tahanan sa Malaybalay, Bukidnon. Ibinimbin sila sa kampo ng Special Civilian Active Auxiliary (SCAA) kung saan sila pinahirapan at pinagbantaang papapatayin kung hindi aaming kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.

Pinakahuli sa mga iligal na inaresto ay sina Clarito Suarez, 70, at si Ricmic Budta, 17. Dinakip sila ng mga nag-ooperasyong sundalo ng 25th IB nitong Mayo 9 sa Barangay Salvacion, Trento, Agusan del Sur.

**Pagbabanta, panggigipit at intimidasyon**

Hindi bababa sa 708 katao ang naging biktima ng pagbabanta, panggigipit at intimidasyon sa ilalim ng batas militar. Kalakhan ng mga biktima (645) nito ay mula sa SMR. Kabilang sa mga biktima ang may 600 Manobo sa mga sityo ng Catagbakan at Panlalaisan sa Barangay Pichon na pinagbantaan ng 67th IB at paramilitar na MANADU na bobombahin at imamasaker noon lamang Pebrero. AB

## Mga Lumad at Moro, nagrali laban sa batas militar

ISANG LINGGO BAGO ang unang taon ng batas militar sa Mindanao, nagtungo ang mga Lumad at Moro sa harap ng Camp Aguinaldo, hedkwarters ng Armed Forces of the Philippines, sa Quezon City upang kundenahin ang pinatinding militarisasyon at paglabag sa karapatang-tao sa buong isla at igiit ang pagwawakas sa batas militar.

Pinangunahan ng mga lider Lumad ang ritwal na sumisimbolo sa pag-abuso sa karapatang-tao at pagkawasak ng kanilang mga komunidad dulot ng batas militar.

Ayon sa Barug Katungod, organisasyon sa karapatang-tao, sa panahon ng batas militar sa Mindanao, 70% ng tropa ng AFP ang idineploy sa Eastmincom at Wesmincom. Ibig sabihin, 74 na batalyon ang nakatutok sa mga eryang tinataya ng militar na kinikilusan ng BHB.

Malaki rin ang naitalang sapilitang pagpapasurender sa mga komunidad ng Lumad. Sa dalawang munisipalidad pa lang sa Compostela Valley at Davao del Norte, may 517 indibidwal na ang sapilitang pinasurender bilang mga Pulang mandirigma, dagdag pa ng grupo.

Samantala, nagsampa ng reklamo ang Katribu at Save Our Schools (SOS) Mindanao kasama ang mga pamilya at biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa tanggapan ni Victoria Tauli-Corpuz, United Nations Special Rapporteur on Indigenous Peoples sa pamamagitan ng isang *video conference* sa Commission on Human Rights.

Naitala sa kanilang reklamo ang masaker, pagpaslang at atake ng mga militar sa mga paaralan.

Ayon sa Katribu, may naitalang 41 pagpaslang sa pambansang minorya, 37 dito ay mga Lumad. Nagulat rin ang SOS Mindanao na 19 na paaralan ang sinira, 56 ang sapilitang ipinasara at 30 ay kinampuhan ng mga militar. AB

## Militarisasyon sa Bohol, laganap —*NDF-Bohol*

NAGPAHAYAG ANG NATIONAL Democratic Front (NDF)-Bohol na hindi maiiwasang kaganapan ang nangyaring labanan sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bohol at mga sundalo ng 47th IB sa Sityo Ilawod, Barangay Campagao, Bilar noong Mayo 15 nang madaling araw.

Ayon sa pahayag, magpapatuloy ang armadong paglaban sa isla hangga't hindi nalulutas ang ugat ng kahirapan. Pinasinungalingan din ng NDF-Bohol ang pagmamayabang ng lokal na pamahalaan at ng AFP na "mapayapa" ang prubinsya. Anito, dalawang dekada nang okupado ng militar ang isla at matindi ang militarisasyon sa kabundukan rito. Ito umano ang patunay na umiiral ang ugat ng kahirapan na nagpapaigting sa pagrerebolusyon.

Dagdag pa ng NDF-Bohol, baligtad na kapayapaan ang Oplan Kapayapaan dahil pinatitindi nito ang malawakang militarisasyon sa mga kabukiran at karagatan upang gawing ligal ang pagyurak sa karapatang-tao at pagpalaganap ng intriga laban sa mga lehitimong organisasyon ng mga magsasaka, mangingisda at kababaihan at buwagin ang kanilang pagkakaisa. Subalit bigo ang gubyerno at AFP na pinsalain ang napundar na pagkakaisa ng mamamayan dito.

"Ang BHB at NDF sa Bohol, sa pamumuno ng PKP, ay nananawagan sa mamamayan na laging maging mapanuri sa panlipunang kalagayan upang hindi malinlang sa mga pangako ng mga nasa bulok na gubyerno. Sa kabilang banda, magtiwala tayo sa ating sariling lakas, sa pagkakaisa ng masa para isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon hanggang sa tagumpay bilang tanging solusyon," pagtatapos ng NDF-Bohol. AB

# Kontra-mamamayang proyekto sa Negros, pinaralisa

Pinaralisa ng BHB-Central Negros noong Mayo 7 ang isang *backhoe*, *generator set* at iba pang kagamitan sa itinatayong dam ng National Irrigation Administration (NIA) sa Sityo Tagbak, Barangay Tan-awan, Kabankalan City, Negros Occidental. Ayon sa pahayag ng BHB-Central Negros, simbolo ito ng mariing paglaban ng mamamayan sa naturang proyekto.

Ang itinatayong dam sa Hilabangan River sa naturang barangay ay isa lamang sa mga proyekto sa ilalim ng Ilog-Hilabangan River Basin Project (IHRBP). Sinasaklaw ng IHRBP ang 15 lunsod at bayan sa dalawang prubinsya ng Negros. Direktang apektado nito ang mahigit 480,000 residente sa 156 barangay.

Sa ilalim ng IHRBP, dalawang iba pang malalaking dam ang nakatakdang itayo sa Negros. Lalo rin nitong ibinubukas ang isla sa dayuhang mga korporasyon at pribadong mga negosyo sa *quarry*, pagmimina, turismo at komersyal na *reforestation*. Hindi bababa sa sampung *quarry* ang kasalukuyan nang nagoopereyt sa bayan ng Ilog at kahabaan ng Hilabangan River. May banta na rin ng pagpapalayas sa mga residente sa dalawang barangay sa Himamaylan City dahil umano sa Watershed Project.

Sa kaso ng itinatayong dam sa Barangay Tan-awan, malaking pinsala sa mga magsasaka ang dulot nito. Ang lugar na pinagtatayuan ng dam ang siyang pangunahing ruta ng transportasyon at komersyo ng taumbaryo patungo sa merkado, sa sentro ng Kabankalan at sa Himamaylan City. Dahil sa pagtatayo ng dam at sa mga operasyong *quarry*, malimit nang bumaha ang ilog tuwing umuulan, na nagsasapanganib maging sa mga kabahayan sa gilid nito.

Ang mga magsasakang pinaaalis naman sa kanilang mga lupa ay binayaran lamang ng P15,000-30,000 para sa ilang ektaryang sakahan. Ginawang palabigasan din ng lokal na gubyerno ang proyekto dahil sa kinakaltas na P50 bawat araw sa mga manggagawa sa itinatayong dam.

Ang ipinagmamayabang ng NIA na magbibigay umano ng patubig ang naturang dam ay magsisilbi lamang sa mga asyenda at malalaking negosyo, partikular ang angkan ng Zayco sa Kabankalan at mga malaking burgesya kumprador na pamilyang Gokongwei. Hindi makikinabang dito ang maliliit na magsasaka na kasalukuyang inaagawan ng titulo sa ilalim ng reporma sa lupa ng reaksyunaryong gubyerno.

Simula noong 2017, muling itinulak ang IHRBP sa ilalim ng "Build, Build, Build" ng gubyernong Duterte. Pinaglalawayan ngayon ng naghaharing uri sa isla ang proyektong nagkakahalaga ng P2.7 bilyon. AB

---

## Pagpapahintulot ni Duterte sa panghihimasok ng China at US, kinundena

MAHIGPIT NA BINATIKOS ng Partido Komunista ng Pilipinas si Pres. Rodrigo Duterte ng GRP sa kanyang hayag na pagbalewala sa armadong paligsahan ng US at China sa South China Sea at ang panganib na dala nito sa bayan.

Lantaran ang pagsuko ni Duterte sa soberanya ng Pilipinas sa dalawang paraan. Una, sa pagpapahintulot niya sa Balikatan Exercises sa Luzon na isa sa pinakamalaking pagsasanay militar sa kasaysayan ng bansa. Nilahukan ito ng 3,000 tropang US, dala-dala ang kanilang mga barko at eroplanong pandigma, *drone* at iba pang kagamitang militar sa lupa mismo ng Pilipinas. Ang Balikatan, na isa lamang sa 261 nakatakdang "aktibidad at ehersisyong militar" ng US sa bansa para sa 2018, ay direktang paglabag sa soberanya ng bansa. Sa tabing ng "interoperability," ginagamit ng US ang papet nitong AFP para magpakita ng lakas-militar sa Asia. Layunin nitong sulsulan ang tumitinding tensyon sa pagitan nito at ng China sa rehiyon, partikular sa South China Sea. Takot na takot si Duterte na mawalan ng ayuda at pinansya mula sa amo niyang imperyalistang US. Dahil dito, walang kahihiyan niyang itinataguyod ang di-pantay na mga kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at US. Kabilang dito ang Enhanced Defense Cooperation Agreement na nagpapahintulot sa muling pagbabase ng mga tropang US sa bansa.

Pagsuko rin sa soberanya ng bansa ang pananahimik ni Duterte sa pagdeploy ng China ng mga eroplanong pandigma at paglulunsad ng mga pagsasanay militar sa sa mga islang pinagbabangayan sa South China Sea. Liban sa mga katawa-tawang palabas, tulad ng pag-anunsyo na pupunta siya Benham Rise (na hindi niya itinuloy), wala siyang ginawang hakbang para pigilan ang konstruksyon ng China ng mga instalasyon at pasilidad militar sa mga soberanong kalupaan at karagatan ng Pilipinas. Takot na takot rin siyang mawalan ng pinapantasya niyang bilyun-bilyong pondong pangako ng China para sa kurakot ng kanyang pamilya, kaibigan, kroni at pinaborang mga burgesya-kumprador.

Muling inirerehistro ng PKP ang pagtutol nito sa militarisasyon at paligsahan ng US at China sa Pilipinas at South China Sea. Dapat na palayasin ang mga tropang Amerikano at isara ang mga pasilidad nila sa bansa. Dapat ring tutulan ang pagpapalakas ng militar ng China sa mga teritoryo ng Pilipinas. Kinukundena ng PKP at mamamayan ang ipokritong pagtutol ng US sa militarisasyon ng China sa karagatan ng bansa. Ang totoo, mas madalas at malakihan ang pagdedeploy ng US ng mga barkong pandigma at eroplano sa loob at paligid ng bansa. Higit dito, tahasan itong nakikialam sa mga internal na usapin ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagkontrol at pagdirehe sa mga operasyon ng AFP. AB

# Dumaraming krimen ng mga armadong pwersa ni Duterte

Patuloy na nananalasa ang todo-gera ni Duterte laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa mga sibilyang komunidad. Nitong nagdaang dalawang linggo, naiulat ang matinding militarisasyon na nagresulta sa mga paglabag sa karapatang-tao sa iba't ibang anyo. Tumampok din ang pamamaslang ng mga tauhan ng reaksyunaryong estado sa isang lider magsasaka, iligal na pag-aresto sa dalawang magsasakang katutubo at pamamaril sa isang bata.

**Sorsogon.** Nitong Mayo 10, tinutukan ng mga sundalo at pulis mula sa 31st IB at 508th PNP Public Safety Company ang kapitan ng Barangay San Francisco, Bulan na si Teodoro Dogillo matapos ang operasyong haras ng mga kasapi ng BHB. Pinaratangan nila si Dogillo na kontak ng BHB na nangharas sa kanila.

Sa isang panayam ng isang lokal na istasyon ng radyo sa Bulan noong Mayo 11, galit na iginiit ni Dogillo na dapat ay magpaliwanag ang mga sundalo at pulis kung bakit sila nagbase sa *barangay hall* at *daycare center* gayong labag ito sa internasyunal na makataong batas. Inireklamo ng kapitan ng barangay ang paglalasing ng mga sundalo at pulis mula nang dumating ang mga ito noong Mayo 10.

Bago pa nito, ilang linggo nang nananalasa ang mga sundalo at pulis sa mga barangay ng Bulan mula pa noong Abril 30. Tatlong bahay ang pinasok at hinalughog nila sa Barangay Calpi isang araw bago ang rali para sa pandaigdigang araw ng mga manggagawa.

Nito namang Mayo 6, tatlong bahay sa Barangay Recto ang niloob at hinalughog ng mga elemento ng mga pulis. Pinagnanakaw nila ang mga itak na gamit ng mga magsasaka sa kanilang hanapbuhay. Noong Mayo 10, pinaputukan naman ng mga pulis ang bahay ng isang sibilyan. Dalawang kabataan ang nilagnat dahil sa insidente. Noong Mayo 7, inokupa ng may 70 sundalo ng 31st IB ang Sityo Gabud, Barangay Taromata. Anim na bahay ng mga residente ang niloob nila at pinagnakawan.

**Iloilo.** Sugatan ang isang bata matapos ang walang-pakundangang pamamaril ng mga sundalo ng 61st IB sa bahay ng isang pamilya sa Sityo Anoy, Barangay Cabalaunan, Miag-ao noong Mayo 5. Pinabulaanan ng Napoleon Tumagtang Command ang kasinungalingan nina Col. Diñoso ng 301st Brigade at Col. Magbalot ng 61st IB na ang BHB umano ang may kagagawan sa nangyari sa bata. Nasa labas na ng bahay ang mga kasama upang magdepensa, anito. Namartir sa labanan ang dalawang Pulang mandirigma.

Sa Calinog, ilang araw bago ang reaksyunaryong eleksyon sa Barangay at Sangguniang Kabataan, nag-utos ng diskwalipikasyon ang Commission on Elections kay Remia Castor, myembro ng progresibong organisasyong Tumandok at kumandidatong kagawad sa Barangay Alibunan. Pinuntahan din si Castor ng tauhan ng lokal na gubyerno at kinumpronta hinggil sa kanyang paglahok sa kampanya laban sa pagpapatayo ng kontra-mamamayang Jalaur Mega Dam sa kanilang lugar. Laganap din ang presensya ng mga sundalo sa araw ng eleksyon.

**Negros Occidental.** Pinagbabaril ng apat na lalaking sakay ng dalawang motorsiklo si Jerry Turga, isang lider magsasaka, sa Barangay Guinpana-an, Moises Padilla, noong Abril 28, alas-4 ng hapon. Sampung bala ang tumama sa dibdib at tiyan ni Turga na naging dahilan ng kanyang pagkamatay.

Si Turga ay pangalawang tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa Moises Padilla at pinangungunahan ang kampanya para sa karapatan sa lupa sa kanilang lugar. Kinikilala rin si Turga sa lugar dahil sa kanyang pagiging matulungin sa mga magsasaka laluna sa usapin ng problema sa lupa at kabuhayan. Aktibo rin siya sa pakikibaka para sa pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa, dagdag na sahod at benepisyo at pambansang industriyalisasyon.

Ayon sa inilabas na pahayag noong Abril 29 ng BHB-Central Negros, si Mayor Magsie Peña ng Moises Padilla at ang AFP ang utak sa pagpatay kay Turga. Bago ang krimen, nagpakalat ang mga ito ng mga litrato ng mga lider ng mga progresibong organisasyon sa mga pampublikong lugar sa Moises Padilla. Isa si Turga sa mga pinangalanang "terorista" ng rehimen.

Sa Kabankalan City, aabot sa 236 residente ang sapilitang lumikas noong Mayo 12 dulot ng militarisasyon ng mga sundalo ng 303rd Brigade matapos ang ambus na isinagawa ng BHB.

**Quezon.** Dalawang magsasakang Dumagat ang iligal na dinakip ng mga sundalo ng 80th IB sa Sityo Dadiangao, Barangay Umiray, General Nakar noong Mayo 14. Papauwi na sina Rockey Torres, 30, at Dandoy Abellanida, 44, nang dakpin ng mga sundalo na nag-ooperasyon sa naturang barangay.

Ayon sa mga residente, huli nilang nakita sina Torres at Abellanida na nakagapos ang mga kamay at paa, at may mga marka ng pambubugbog at tortyur. Nang hapon ding iyon, isinakay ng mga sundalo ang dalawang magsasaka sa helikopter at hindi pa inililitaw.

Napilitan ding lumikas ang hindi bababa sa 160 residenteng Dumagat dahil sa operasyong militar sa lugar. Nagkukulang sa pagkain ang mga bakwit at mga sako lamang ang kanilang tulugan sa gilid ng ilog. AB

# Welga laban sa "endo"

Ilang linggo na ang nakalilipas matapos pirmahan ni Duterte ang EO 51 na diumano'y magwawakas ng kontraktwalisasyon sa paggawa. Sa panahong ito, walang tigil ang mga protesta ng mga manggagawa upang kundenahin ang EO at ipanawagan ang kaseguruhan sa paggawa.

**Middleby.** Sa Biñan, Laguna, sa loob ng Laguna Technopark Industrial Enclave, mahigit 100 manggagawa ng Middleby Philippines Corporation (MPC) ang naglunsad noong Mayo 10 ng *sit-down strike* at piket sa labas ng pagawaan bilang protesta sa pagtanggi ng kumpanya na gawin silang regular. Noon pang Abril 4 naglabas ng kautusan ang Department of Labor and Employment (DOLE) sa kumpanya na gawin nang regular ang mga manggagawa nito. Binalewala ito ng kumpanya at sa halip ay nagbanta pang magtatanggal ng 27 manggagawa. Ang Middleby ay kumpanyang gumagawa at nagsusuplay ng mga kagamitan sa pagluluto at paghahanda ng pagkain para sa mga restawran at *fast food*.

Pinangunahan ng Pinag-isang Lakas ng mga Manggagawa sa MPC (PIGLAS-Independent) ang welga. Ayon sa grupo, sa 300 manggagawa ng Middleby, 82 lamang ang regular habang aabot sa 191 ang kontraktwal. Karamihan sa kanila ay dalawa hanggang 20 taon nang nagtatrabaho sa kumpanya. Ayon pa ng mga manggagawa, mayorya sa kanila ay binabayaran lamang ng P378 kada araw kung kaya't napipilitan silang magtrabaho ng 12 oras o higit pa para madagdagan ang kanilang di-sapat na sahod.

**SLORD.** Noong Mayo 11, 44 na manggagawa ng SLORD Development Corporation, isang kumpanya sa Manila na gumagawa ng mga delatang Uni-Pak, ang nagtungo sa tanggapan ng DOLE upang iprotesta ang panggigipit ng kumpanya. Sa araw na iyon, pinaabutan ng maneydsment ang mga myembro ng Samahang Manggagawa sa SLORD Development Corp. na gagawing tatlong araw na lamang ang kanilang trabaho mula sa anim. Ayon sa mga manggagawa, ito ay matapos aktibo silang nangampanya na mainspeksyon ng DOLE ang pagawaan at igiit ang kanilang karapatang maging regular.

Nag-*walk out* ang mga manggagawa sa sapilitang pagpapapirma sa kanila hinggil sa pinaiksing araw ng paggawa. Hindi na sila pumasok sa trabaho at dumiretso sa DOLE upang magprotesta at maghain ng reklamo laban sa SLORD. Dahil sa pagliban sa trabaho noong Biyernes, sinisante silang lahat ng kumpanya.

**Protesta ng mga manggagawang pangkalusugan**

Noong Mayo 7, nagmartsa ang mga manggagawang pangkalusugan mula sa tanggapan ng Department of Health tungo sa Mendiola bitbit ang panawagang "Makibaka para sa nakabubuhay na sahod." Ang protesta ay bahagi rin ng paggunita sa Araw ng Manggagawang Pangkalusugan.

Ayon sa Alliance of Health Workers (AHW), 2016 pa huling nagtaas ng sahod sa mga manggagawang pangkalusugan. Sa ilalim ng rehimeng Duterte, lalupang bumaba ang tunay na halaga nito dahil sa ipinataw na Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) law. Ayon sa AHW, bumaba nang 23% ang kakayahan ng mga manggagawang pangkalusugan na bumili dahil sa TRAIN.

*...sundan sa pahina 9*

### Kampanyang #WeDissent (TutolKami)

MARIING KINUNDENA NG malawak na mamamayan ang pagsang-ayon ng mga mahistrado ng Korte Suprema sa petisyong *quo warranto* na isinampa ni Solicitor General Jose Calida laban kay Chief Justice Maria Lourdes Sereno.

Noong Mayo 11, sa botohang 8-6 pabor sa petisyon, upisyal nang tinanggal sa pwesto si Sereno dahil umano sa kanyang kabiguang magpasa ng tamang Statement of Assets, Liabilities and Networth.

Daan-daan ang nagtungo sa harapan ng Korte Suprema sa Maynila upang tutulan ang desisyong ito. Nagkaroon din ng hiwalay na protesta ang mga mag-aaral sa University of the Philippines-Manila, Polytechnic University of the Philippines, University of Sto. Tomas, Ateneo de Manila University at University of the Philippines-Diliman.

Noong Mayo 15, pinangunahan ng National Union of People's Lawyers ang protesta sa Korte Suprema ng mga abugado at mag-aaral upang ipahayag ang kanilang pagtutol sa desisyon.

Naglunsad naman ng #BlackFriday protest ang mga kabataan sa pangunguna ng Anakbayan at In Defense of Human Rights and Dignity Movement (iDefend). Nagtipon sila sa University of Sto. Tomas, Padre Faura, Vito Cruz, Palma Hall sa UP Diliman at Katipunan Ave. Quezon City.

Nagkaroon din ng katulad na pagkilos ang Bayan-Central Visayas at Movement Against Tyranny-Cebu sa Colon St., Cebu City, sa City Hall ng Naga City at mga aktibista at kasapi ng Cordillera People's Alliance sa Malcolm Square, Baguio City.

Samantala, 14 na senador naman ang pumirma ng resolusyon na nagigiit na repasuhin ang desisyon ng Korte Suprema na tanggalin si Sereno bilang punong mahistrado.

# Masaker ng Israel sa mga Palestino, kinundena

Nagpahayag ng pagkundena at pagkamuhi ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), kasama ang buong mundo, sa pagmasaker ng mga tropang Israeli sa mga nagpuprotestang Palestino noong Mayo 14 sa Gaza Strip. Sa araw lamang na ito, 62 ang napatay at 2,831 ang nasugatan, kabilang ang 235 na menor de edad, 18 manggagawang pangkalusugan at 12 mamamahayag.

Simula noong Marso 30, daanlibong Palestino ang halos araw-araw na nagprotesta sa hangganan ng Gaza at Israel sa mahigit isang buwang paggunita ng pagpapalayas sa kanila mula sa kanilang mga lupa noong 1948. Tinaguriang "The Great March of Return" (Dakilang Martsa ng Pagbabalik), nakatakdang lumundo ang kampanya noong Mayo 14, sa araw na tinaguriang Al Nakba (Ang Sakuna). Tuluy-tuloy ang pang-aatake ng Israel sa mapayapang mga demonstrasyon na ito. Mula Marso 30, umaabot na sa 111 Palestinong sibilyan at di-armado ang pinatay ng tropang Israeli at mahigit 12,844 ang sugatan. Ang al-Nakba ang araw ng pagtatayo sa estado ng Israel noong Mayo 15, 1948 matapos pwersahang palayasin ang mahigit 750,000 Palestino at nakawin ang kanilang lupain sa pamamagitan ng mga paramilitar na Zionist.

Sa Mayo 14, isang araw bago ang ika-70 taong anibersaryo ng Al Nakba, inilipat ng US ang embahada nito sa Jerusalem. Ang Jerusalem ay teritoryo ng Palestine na iligal na inokupa ng Israel. Alinsunod sa mga resolusyong internasyunal, bawal magtayo ng permanenteng istruktura sa lugar, lalupa't napapailalim ito sa matindi at madugong bangayan. Sa kabila nito, pinasinayaan pa ang bagong embahada sa presensya mismo ng anak ni US Pres. Donald Trump na si Ivanka at kanyang asawa at Senior Adviser ni Trump na si Jared Kushner.

Umaabot sa ilampung libong Palestino ang tumungo sa binakurang hangganan ng Gaza Strip para ipaabot ang kanilang matinding galit sa hakbang na ito. Ipinanawagan nila ang pagbabalik ng mga Palestino na dating residente ng Jerusalem at ngayon ay naninirahan bilang mga bakwit sa sarili nilang bayan.

Bilang tugon, isinagawa ng Israel ang isa sa pinakamalupit nitong pagsupil sa protesta ng mga Palestino sa araw na ito. Gamit ang makabagong teknolohiya, umabante ang isang pulutong ng mga *drone*

*...sundan sa pahina 10*

---

*"Welga...," mula sa pahina 8*

Kinundena rin ng AHW ang malawak na kontraktwalisasyon sa sektor ng pampublikong kalusugan. Sa kanilang datos, mahigit 13,000 ang kontraktwal sa hanay ng manggagawang pangkalusugan. Kabilang dito ang 180 kontraktwal sa Jose Reyes Memorial Medical Center at 600 sa iba pang mga pampublikong ospital.

Banta rin sa kanila ang kautusan na nagpapasa sa pag-eempleyo ng mga kontraktwal na manggagawang pangkalusugan sa mga pampublikong ospital sa mga pribadong ahensya sa paggawa sa ilalim ng Joint Circular No. 1. Magkakabisa ang naturang kautusan na pinirmahan ng Civil Service Commission, Commission on Audit at Department of Budget and Management mula Disyembre 31, 2018.

**Save Lives, Save Guihulngan Movement**

Aabot sa 3,000 ang dumalo mula sa Cebu, Negros Oriental at Negros Occidental sa *peace caravan* na inilunsad ng Save Lives, Save Guihulngan Movement upang ipanawagan na itigil na ang pagpaslang sa mga aktibista, magsasaka at mga nagtataguyod sa karapatang-tao sa Visayas. Nakiisa rin sa grupo ang mga relihiyoso at mga progresibong grupo.

"Layunin ng *peace caravan* na itaas ang kaalaman hinggil sa serye ng paglabag sa karapatang tao, kundenahin ang kawalan ng hustisya at kawalan ng pananagutan sa bansa," ani Cenona Estrada, tagapangulo ng KAUGMAON-KMP Negros Oriental.

Nagtipon ang mga delegado sa Hibaiyon, Guihulngan City, Negros Oriental at sabay-sabay na nagtungo sa harap ng Guihulngan Public Market.

**Protesta laban sa mga asyenda**


Bilang paggunita sa unang taon ng matagumpay na okupasyon mula nang ilunsad ang bungkalan sa Sangalang Estate sa Sto. Domingo, Nueva Ecija, nagmartsa ang mga magsasaka kasama ang Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon-Nueva Ecija sa harap ng munisipyo ng Sto. Domingo noong Mayo 17.

Taong 2002 pa iginawad ang naturang lupa sa kanila pero noon lamang 2017 sila nakapagsaka rito. *(Tingnan ang* Ang Bayan*, Disyembre 7, 2017 para sa ibang detalye.)*

"Mula nang hindi na kami makapagsaka sa aming lupa, nawalan na kami ng kabuhayan. Nakikibilad na lang kami ng palay, nakikitanim at nakikilaba," ani Lita Corpuz, lider ng Samahan ng Magsasaka ng Baloc.

Nagpugay naman ang Amihan National Federation of Peasant Women sa militansya at determinasyon ng mga magsasaka sa kanilang pakikibaka para makamit ang hustisya at mabawi ang kanilang lupa sa kabila ng pagbabanta, pananakot at pandarahas ng despotikong panginoong maylupang si Sangalang.

Noong Abril 25, pinagbabaril ng mga tauhan ni Sangalang ang mga nagpoprotestang magsasaka sa Sityo Saranay, Baloc, bahagi ng Sangalang Estate. Dalawa ang sugatan na kinilalang sina Virginia Guiang, 65 at Maria Fe Magbanua, 46. AB




"Masaker...," mula sa pahina 9

at naghulog ng mga tirgas sa mga nagpuprotesta. Naiulat na gumamit ang mga isnayper ng Israel ng mga *high-velocity fragmentation bullet*, isang tipo ng bala na ipinagbawal na sa mga internasyunal na batas dahil sa tindi ng pinsalang idinudulot nito sa mga buto at laman ng tinatamaan.

Kasama sa mga namatay sa pamamaril si Fadi Abu Salah, 29, isang residente ng Gaza na nakasakay sa *wheelchair*. Naputol ang dalawang paa ni Salah sa engkwentro sa mga pwersang panseguridad ng Israel sa nakaraan. Namatay din ang walong-buwang gulang na sanggol na si Layla Ghandour matapos siya masulasok ng makapal na tirgas. Daladala siya ng kanyang lola sa pinakalikod na bahagi ng demonstrasyon. Sadya ring inisnayp sa binti ang isang duktor na Canadian na nasa lugar sa panahong iyon.

Karamihan sa tama ng punglo ng mga napatay at sugatan ay sa likod, dibdib, ulo, kamay at paa. Samantalang sa panig ng sundalong Israeli, iisa lamang ang bahagyang nasugatan at ito ay dahil lamang sa tama ng bato.

Matapos ang masaker, kinutya pa ng Minister of Strategic Affairs ng Israel na si Gilad Erdan ang mga Palestino sa pagsabing, "ang dami ng namatay na Palestino ay walang kahit anumang kahulugan" at ihinalintulad ang kanilang kamatayan sa kamatayan ng mga Nazi. Sa gitna ng lahat ng ito, idineklara pa ni Netanyahu at ni Trump mismo ang Mayo 14 bilang "dakilang araw ng kapayapaan."

Idiniin ng PKP na ang pasistang rehimeng US-Netanyahu ang may kriminal na pananagutan sa masaker. Ayon sa PKP, "maging ang gubyernong Trump ay may kriminal na pananagutan sa pagsang-ayon nito sa teroristang atake ng rehimeng Israeli laban sa mamamayang Palestino." Hinarang din ng US ang internasyunal na imbestigasyon sa naganap na masaker. Nitong Mayo 18, 29 mga bansa na ang bumoto para imbestigahan ang masaker. Katulad ng inaasahan, kinontra ito ng US.

Umani ng pagkundena ang gubyerno ng Israel at nanawagan ang maraming lider kasama ang mga kilalang personalidad ng hustisya at pagpapalaya sa Palestine.

Nakiramay ang mga rebolusyonaryo at sambayanang Pilipino sa pagluluksa ng mga Palestino sa pagkawala ng kanilang mga mahal sa buhay at kinikilala bilang martir ng masaker. Sinaluduhan ng PKP ang mamamayang Palestino sa walang kapagurang pakikibaka nila para makabalik sa kanilang lupang sinilangan.

Noong Mayo 17, nagprotesta sa harap ng embahada ng US sa Maynila ang Sandugo upang kundenahin ang papel ng US sa pagmasaker sa mamamayan ng Palestine. Kasabay nito, kinundena rin nila ang pagtortyur sa aktibistang Moro na si Jerome Succor Aba sa San Francisco Airport noong Abril 19.

Ani Aba, nananatiling nangungunang terorista ang gubyerno ng US. Sinusuportahan nito ang gubyerno ng Israel, ang iligal na okupasyon nito sa teritoryo ng Palestine at ang pagmasaker sa mga aktibista at mamamayang Palestino para sa pang-ekonomya at pampulitikang interes nito. Gaya rin ito sa pagsuporta ng US at pagdirekta nito sa gera sa Marawi para sa interes nito sa yaman ng rehiyon at higit pang maipwesto ang kanilang mga tropang militar sa Mindanao.

Nagpahayag naman ng pakikiisa sa mamamayang Palestino ang grupo ng Anakbayan, International League of People's Struggle at Kilusang Mayo Uno. AB

### Gaza Strip

ANG GAZA STRIP ay teritoryo ng Palestine na napapalibutan ng Israel, Egypt at ng Mediterranean Sea. May sukat lamang itong 365 sq. km. (mas maliit kumpara sa Metro Manila) at may dalawang milyong residente. Salat na salat ang mga mamamayan dito—mula sa pagkain, tubig, kuryente, serbisyong medikal at marami pang iba dahil sa pagsasakal ng Israel sa mga pangangailangan ng mga tao. Literal na unti-unting pinapatay ang mga Palestinio sa Gaza ng pasistang rehimeng US-Netanyahu sa pamamagitan ng pagkontrol ng pagpasok ng lahat ng uri ng mga produkto sa lugar. Ang dagat ay hindi maaaring pangisdaan lampas sa anim na milya, kundi ay babarilin ng Israeli Defense Forces. Mahigpit na minamanmanan ang paglabas-masok ng mga Palestino sa lugar. Ang mga balon nila ay tinatapatan naman ng mga balon ng Israel kaya kahit ang suplay ng maiinom na tubig ay ipinagkakait. Nasa 98% ng tubig ay di-ligtas inumin, at maraming bata ang namamatay dulot nito. Halos 60% ng mga residente dito ay walang hanapbuhay.

# Panghihimasok ng US sa Venezuela, tinuligsa

Nitong Mayo 21, idineklara si Nicolas Maduro bilang muling-halal na pangulo ng Venezuela sa katatapos na eleksyon. Ayon sa National Electoral Council, nakuha ni Maduro ang 67.7% ng mga boto, habang 21.2% lamang ang nakuha ng kanyang pinakamahigpit na katunggali.

Nagpahayag ang US na hindi kikilalanin ang resulta ng eleksyon na nagbibigay kay Maduro ng karagdagang anim na taon sa pwesto. Bago nito, aroganteng nagpahayag noong Mayo 14 ang Lima Group, mga bansang binuo ng US upang gipitin ang Venezuela, na dapat umanong isuspinde ang eleksyon dahil ito ay "hindi lehitimo" at "walang kredibilidad."

Dati na ring ipinag-utos ng gubyernong Trump noong 2017 na itigil ang pakikipagtransaksyon sa gubyerno ng Venezuela at pinagbawalan ang mga upisyal ng bansa na pumasok sa US.

Mariing tinuligsa ng mamamayang Venezuelan ang panghihimasok ng imperyalismong US, ang ipinataw na *economic sanction* ng rehimeng Trump at ang bantang interbensyong militar. Ang mga pananabotaheng ito ng US ay malinaw na pang-uupat sa mamamayan ng Venezuela upang patalsikin ang gubyerno ni Maduro at magpwesto ng papet na rehimen.

Kaugnay nito, nakiisa ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa mamamayan ng Venezuela sa ginanap na halalan. Ayon sa NDFP, ang eleksyon ay karagdagang pagpapakita ng kapangyarihan ng mamamayan sa pagtupad sa di-maaalis na karapatan nilang pumili ng karapat-dapat na pinuno.

Dagdag pa ng NDFP, malalim ang pagkakabatid ng mamamayang Venezuelan sa maraming programang pinasimulan at ipinatupad ng ni dating Presidente Hugo Chavez Frias at matatag na isinakatuparan ni Maduro para sa benepisyo ng mamamayang Venezuelan.

Nakapagpatayo ang gubyernong Venezuelan ng mahigit dalawang milyong bahay para sa mahihirap. Mayroon itong epektibong programa sa paglalaan ng pagkain sa mababang presyo. Naglalaan ito ng libreng edukasyon at pangangalagang medikal. Ang mga ito at iba pang benepisyo ay malalim na pinahahalagahan ng mamamayang Venezuelan na nagbibigay ng kanilang masugid na suporta kay Maduro. AB

---

# *Ulos 2018*, bukas na sa mga ambag

ILALABAS ANG ISYU ng *Ulos* ngayong taon bilang bahagi ng pagdiriwang sa ika-50 taong anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang Ulos ang pangkulturang dyornal ng Artista at Manunulat ng Sambayanan. Nananawagan ang patnugutan nito sa lahat ng rebolusyonaryong makata, kwentista, manunulat, dibuhista, pintor, musikero, mandudula at lahat ng mga kasama na magsumite ng orihinal at hindi pa nalilimbag na obra para sa proyekto.

Kung dati ang matutunghayan ng mga mambabasa ay sa anyong nakaimprenta, ang *Ulos 2018* ay ilalabas sa anyong multimidya. Ito ay sa layong maitanghal ang iba't ibang anyo ng likhang sining, at para makaabot din sa pinakamamalawak na bilang ng tumatangkilik sa rebolusyonaryong kultura. Dagdag sa dati nang mga likhang nakasulat —tula, maikling kwento, dagli, sanaysay, reportahe, dula at iskrip sa radyo, itatanghal din ang mga sining biswal (*graphic arts* at *painting*), rebolusyonaryong musika, anyong audio (*podcast*, talumpati, tulang binigkas at iba pa), bidyo (maikling sine, *animation*) at iba pang anyo ng sining.

Ang tema ng likhang sining ay dapat magsasalamin ng pagdiriwang ng ginintuang anibersaryo ng Partido at ng pagdiriwang ng mga tagumpay nito sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan: sa mga tagumpay sa paglaban sa pang-aapi at pagsasamantala, sa paglaban sa mapang-aping rehimen, sa pagsulong ng armadong pakikibaka sa bansang arkipelago at sa pagpundar ng demokratikong gubyernong bayan, at sa pagtanaw sa ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyon at maaliwas na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

Maglalabas din ng "The Best of Ulos" o pinakamahuhusay na akdang itinampok sa Ulos simula nang unang lumabas ito noong 1973. Kaugnay nito, hinihingi sa lahat na ipaabot ang kanilang nominasyon sa bubuuing antolohiya na ito.

Maaaring isumite ninyo ang mga kontribusyon sa mga upisyal na linya, o sa *http://facebook.com/ulos.armas*. AB

